

## Pagiging Handa sa Bahay

### Alamin ang iba pang impormasyon tungkol sa kaugnay na mga flyer:

- Tubig na Pang-emergency
- Mga Supply na Pang-emergency
- Pagiging Handa sa Kalamidad para sa mga Indibidwal at Pamilya

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang [Take5toSurvive.com](http://Take5toSurvive.com)

FEMA Home Earthquake Safety:  
<https://bit.ly/1aQLpR2>

FEMA Home Hazard Hunt Graphic:  
<https://bit.ly/2rAnRrQ>

State of Illinois Home Earthquake Mitigation Videos:  
<https://bit.ly/2No79L2>

State of Oregon Home Fire Prevention Resources:  
<https://bit.ly/33NPO3Q>

### Bakit mo kailangang ihanda ang bahay mo?

Ipinapakita sa istatistika na karamihan sa mga sunog, aksidente, at pinsala ay nangyayari sa bahay. Ang muwebles, mga appliance at kahit mga abubot ay maaaring maging mga panganib kapag may lindol. Maaari kang gumawa ng mga hakbang ngayon para gawing mas ligtas ang bahay mo bago sumapit ang isang kalamidad.



### Pagsusuri sa pagiging ligtas ng bahay


Maaaring maging mapanganib ang bahay mo pagkaraan ng isang kalamidad. Gamitin ang checklist na ito para malaman kung ligtas ang bahay mo:

- Nakapako sa dingding ang malalaking muwebles at appliance.

Ikabit sa dingding gamit ang bracket:

Pagkabitin sa isa't isa gamit ang turnilyo:

Ikabit sa sahig gamit ang bracket



#### Secure large pieces of furniture

- Ginamitan ng mga kawit kaysa mga pako ang mga bagay na nakasabit sa dingding.
- Walang bagay sa mga lugar na tinutulugan na maaaring bumagsak sa iyo habang natutulog ka.

- Maayos na itinabi at malapit sa sahig o lupa ang mga kemikal para hindi mahulog at tumagas ang mga ito.
- Nakatabi ang mabibigat na bagay sa pinakaibaba ng istante.
- Nagupitan ang mga halaman at puno para hindi nakadikit ang mga ito sa gusali.
- Nakatali sa dingding ang mainit na water heater.
- Flexible ang mga koneksyon ng mga de-gas na appliance.

#### Gumamit ng mga kawit sa pagsasabit

Saradong loop/kawit

Kuwadro

Drywall



### Magtipon ng mga supply na pang-emergency

Kapag natukoy na ang mga panganib, madali at mabilis mong magagawang mas ligtas na tirhan ang bahay mo. Ngayong nalunasan mo na ang mga posibleng panganib, maaari ka nang mag-stock ng

ilang mahahalagang kagamitang pang-emergency sa bahay mo tulad ng:

- (Mga) pamatay-sunog (fire extinguisher)—kahit isa man lang sa kusina, pero dapat ay mayroon sa bawat labasan sa bahay

### Gather emergency supplies, continued

- Mga alarma sa usok at carbon monoxide na may mga ekstrang baterya
- Hagdan para sa paglikas mula sa isang bahay na maraming palapag

- Mga supply na pang-emergency: basahin ang flyer na Mga Supply na Pang-emergency at ang Kalendaryo sa Pagiging Handa

## Ihanda ang Labas ng Bahay Mo

- Sa mga rural na lugar, panatiliing berde ang mga halaman at damo at alisin ang lahat ng patay na halaman sa loob ng layong 30 talampakan mula sa bahay.
- Alisin ang mga matutulis na dahon ng pino, dahon at iba pang dumi mula sa mga alulod at bubong. Maaari itong dagdag na pangatong sa sunog.

- Ilipat ang mga barbecue grill at fire pit sa labas ng bahay nang kahit 10 talampakan lang ang layo mula sa bahay mo at sa anumang halaman.
- Siguraduhing madaling basahin sa dilim ang numero ng bahay mo mula sa lansangan.

## Hasain ang Iyong mga Kasanayan

- Alamin kung paano isara ang mga utility mo.
- Alamin kung paano gamitin ang fire extinguisher.


- Kung mayroon kang escape ladder, alamin kung paano ito gamitin nang ligtas.

## Magsanay

Ngayong naihanda mo na ang iyong bahay para sa isang kalamidad, mahalagang magsanay kayo ng pamilya mo tungkol sa kung paano tutugon sa mga emergency.

- Subukan ang mga smoke at carbon monoxide alarm buwan-buwan.
- Magdaos ng earthquake drill sa pamilya. Magsanay ng Dumapa, Magtakip at Humawak.
- Magkaroon ng mga fire drill sa pamilya para magsanay sa pagtakas palabas sa bahay mo.
  - Humanap ng dalawang daanan sa pagtakas.
  - Pagpasyahan ang dalawang tagpuang lugar kung saan kayo magkikita-kita ng pamilya mo. Ang isang lugar ay dapat na isang pamilyar na lugar sa labas lang ng bahay mo, gaya ng mailbox, at ang isa pa ay isang lugar sa inyong lugar, gaya ng bahay ng isang kaibigan, paaralan, o lugar ng pagsamba.
- Gamitin ang iyong escape ladder.
  - PAUNAWA: sinasabi ng ilang brand ng hagdan na para lang sa isang gamitan ang hagdan, kaya praktisin lang ang pag-aayos ng hagdan—huwag pababain dito ang sinuman.
- Hanapin kung saan isasara ang mga utility mo: gas, tubig at kuryente.
  - Repasuhin kung paano isara ang bawat uri ng utility. Tingnan sa ibaba ang mga larawan kung paano isara

ang mga utility.



- Tandaan: Isara ang gas sa metro nito kung nagsususpetsa kang may tagas ang gas. Propesyonal lang ang maaaring magbukas ulit ng gas